

## **Ipagdiwang ang My Brampton Day sa Springdale Brampton Library**

### **Kasama ang Lungsod ng Brampton at ang CBC**

BRAMPTON, ON (Marso 14, 2022) – Siunusportahan ng CBC ang lungsod at inihahatid ang My Brampton Day sa Springdale Brampton Library sa Marso 30 sa pakikipagtulungan sa Lungsod ng Brampton, Brampton Library at sa Arts, Culture and Creative Industry Development Agency (ACCIDA).

#### **My Brampton Day**

Springdale Brampton Library

10705 Bramalea Road

Wednesday, Marso 30

#### **Iskedyul ng mga Event**

- 11 am – Buksan ang iskultura ng sining ng Brampton artist na si Abiola Idowu na in-order ng CBC Toronto
- 12 pm – Isang interactive art activation kasama si Abiola Idowu at kapwa ipipresenta ng ACCIDA
- 5:30 pm – Isang sesyon ng pakikinig sa CBC Toronto
- 7:30 pm - *All Roads Lead to Brampton*, ang talakayan ng panel na hinost ni Nav Nanwa ng CBC Toronto's Brampton Bureau

#### **FREE Live Window Mural Artist Activation kasama si Abiola Idowu**

Sa pakikipagtulungan sa Arts, Culture and Creative Industry Development Agency (ACCIDA) ng Lungsod ng Brampton, samahan ang lokal artist na si Abiola Idowu para sa pagkakataon na gawin ang library na canvas. Iniimbitahan ang mga kalahok na mag-sketch at gumuhit sa malaking kristal na mga bintana sa library. Tinatanggap ang lahat ng edad, hindi kailangan ang karanasan.

Libre ang mga tiket at ang kumpirmadong mga panauhin ay tatanggap limited-edition ng CBC Toronto Brampton-inspired swag pack. Para sa mga detalye, at pra mag-register, bisitahin ang [cbc.ca](http://cbc.ca)

Nilikha ng CBC Toronto ang isang espesyal na Brampton Bureau sa fall ng 2021. Ang isang team ng dedicated na mga reporter at producer ay nasa ground sa Brampton na ibinabahagi ang mga kwento na pinaka-mahalaga sa lokal na komunidad.

**Mga Quote**

“Excited tayo na makasama ang CBC sa pagdiriwang at sabihin ang kwento ng ating lungsod bilang bahagi ng kanilang My Brampton Day event sa Springdale Library branch. Ang diversity ng Brampton, kultura at pagka-malikhain ay ang labis na nagpapa-espesyal sa lungsod na ito, at napakagandang ipagdiwang iyan kasama ang komunidad.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Salamat sa CBC sa pagkilala sa Brampton para sa espesyal na lugar na ito. Labis kong ikinagagalak na makita ang ACCIDA at ang lokal na artist na si Abiola Idowu sa paghahatid ng kanilang pagka-malikhain sa event na ito para ipagdiwang ang ating diverse mosaic at kumonekta sa komunidad sa pamamagitan ng pampublikong sining.”

-*Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice-Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton; Council Panel Member, Arts, Culture & Creative Industry Development Agency*

“Nananabik ang CBC Toronto na makipagtulungan sa Brampton Library para pakinangin ang spotlight sa komunidad at ilan sa magagandang bagay na nagaganap sa lungsod. Inaasahan natin ang pagkakataon na kumonekta sa Bramptonian nang personal.”

- *Prasanna Rajagopalan, Director, Journalism + Programming, CBC Toronto*

“Nananabik ang Brampton Library na makipag-partner sa magandang event na ito. Labis tayong excited na tanggapin ang mga tao sa personal na mga event at inaasahan ang pagkakataon na muling matuklasan ng mga residente ng Brampton ang kanilang komunidad at hikayatin ang bagong pakikipag-ugnay!”

- *Todd Kyle, Chief Executive Officer, Brampton Library*

“Nananabik ang ACCIDA na makipagtulungan sa ating mga kaibigan at sa CBC at sa Brampton Library nitong espesyal na araw- kabilang ang paglalabas sa bagong iskultura ng Abiola at ang aming interactive window installation. Ang Brampton ay isang Mosaic at hotbed para sa sining at kultura. Nananabik kami na ipakita ang lokal na talent at ang mga resource na iniaalok ng aming organisasyon sa komunidad ng sining nitong unique na paraan.”

- *Nuvi Sidhu, Chair, Arts, Culture & Creative Industry Development Agency (ACCIDA)*



## Media Release

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

### KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton  
[multiculturalmedia@brampton.ca](mailto:multiculturalmedia@brampton.ca)